# Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

**Isyu bilang 45**

KAWASAKI CITY
川崎市

Pinamamatnugutan at inilathala ng:Tanggapan ng Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian,
Kawanihan ng Kapakanan ng mga Mamamayan at Mga Bata, Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki
Petsa ng Paglathala:Hulyo 31,2012

http://www.city.kawasaki.jp/25/25zinken/home/gaikoku/index.htm



## Pagpupulong ng Ika-9 na Kinatawan Nagsimula

### Pagkakaiba Tungo sa Kasaganaan




Idinaos ang pagpupulong ng ika-9 na Kinatawan ng Kongreso para sa dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki noong Abril 22 (Linggo) sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki. Ipinagkatiwala ni Shinji Sunada, Bise-Alkalde sa mga bagong kinatawan ang permiso ng komisyon upang maisagawa ang kanilang mga tungkulin. Sa kanyang mensahe, sinabi niya na "Nais kong maging aktibo ang mga kinatawan sa pagtatalakay ng ibat-ibang bagay at makapagbigay ng mga panukala at mungkahi." Mula sa 280 aplikante, ang napiling 19 na kinatawan mula sa iba't ibang bansa at rehiyon ay isa-isang nagpakilala at ipinahayag ang mga nais nilang talakaying bagay sa pagpupulong. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: "Nais kong makatulong sa siyudad ng Kawasaki at sa mga banyagang mamamayan nito." , "Nais kong ibahagi ang aking mga karanasan sa marami pang tao." , "Gusto kong bigyang halaga ang mga suliranin ng mga kapwa ko banyaga na nagmula sa iba't ibang kultura." , "Nais kong isulong ang pulong sa pamamagitan ng kooperasyon." Ilan lamang ito sa mga kaganyak-ganyak na mga pahayag ng mga kinatawan para sa pagbubukas ng pagpupulong. Napili bilang Pangulo ng Kapulungan si WANG,Ping mula sa Tsina at Pangala wang Pangulo si SHARAMA,Gajender na nagmula naman sa India. Asahang magiging aktibo ang mga kinatawan sa termino ngayon sa pagsagawa ng mga aktibidad.

---



## Gusto Mo Bang Makinig ng Pagpupulong?

★Iskedyul ng mga Pagpupulong sa Taong 2012 ng Kapulungan ng mga Kinatawan★

**Lugar: Kawasaki International Center** (Pinakamalapit na Istasyon:Toyoko Line Motosumiyoshi Station)
**Oras: Mula alas 2 hanggang alas 5 ng hapon**

**Unang Pagpupulong: (Unang Araw): Abril 22(Linggo) Paksa: Pagpili ng pangulo, pangalawang pangulo at iskedyul sa taong 2012**
**(Ikalawang Araw): Mayo 27(Linggo) Paksa: Pagpili ng executive komite, pag-inspeksyon sa siyudad at pag-uusap sa mga aktibidad.**
**Pangalawang Pagpupulong (Unang Araw): Hulyo 8 (Linggo) (Ikalawang Araw): Septyembre 9 (Linggo)**
**Pangatlong Pagpupulong (Unang Araw): Oktubre 14 (Linggo) (Ikalawang Araw): Nobyembre 18 (Linggo)**
**Pang-apat na Pagpupulong (Unang Araw): Enero 20 (Linggo) (Ikalawang Araw): Pebrero 17 (Linggo)**

Maaring makinig at mag-obserba ang sinuman ng alinman sa pagpupulong. Malugod na inaanyayahan ang lahat upang dumalo.



# Pagkilala sa mga Kinatawan ng Ikasiyam na Termino



~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Dalawang taong kakatawan sa lahat ng mg banyagang nakatira sa siyudad ng Kawasaki. Iba't ibang suliranin ang kanilang iimbestigahan at pag-aaralan.

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

1. Pangalan
2. Nasyonalidad, Rehiyon
3. Mga saloobin bilang kinatawan at mga bagay na nais talakayin sa pulong
4. Paboritong Adhikain

<Presidente>



(1) **WANG, Ping**
(2) China
(3) Sama-sama nating pasayahin ang pagpupulong. Gusto kong talakayin ang pag-aaral ng sariling wika
(4) Gabundok man ang balakid, laging may daan. Maputol man ito laging may tulay upang magpatuloy sa paglalakbay.

<Bise Presidente>



(1) **SHARMA, Gajender**
(2) India
(3) Urbanisasyon, Edukasyon, Isyung Panlipunan mula sa Perspektibo ng Negosyo ang nais kong pag-usapan.
(4) Nasa iyong sarili ang desisyon kung nais mong mamuno para mag karoon ng pagbabago dito sa mundo.



(1) **AN, Yeong Il**
(2) North Korea
(3) Nais kong magkaroon ng kontribusyon sa pag- asa sa kinabukasan ng mga kabataan, at pagkakaisa ng mga iba't ibang kulturang walang diskriminasyon.
(4) Malugod, walang pag-sisisi, malinis na dam-damin at mabuhay na matatag.



(1) **NTYANGIRI, Christopher**
(2) Tanzania
(3) Ikinagagalak ko ang mapiling kinatawan. Ganunpaman, nara-ramdaman ko ang res-ponsibilidad. Sisikapin kong gumawa ng panukala para sa mga iba't ibang suliraning aking mapapakinggan.
(4) Buhay, Kalayaan at ang Paghangad ng Kaligayahan.
(Nagbitaw noong Hunyo 2012)



(1) **WU, Qun**
(2) China
(3) agpapalaganap ng mga kaalaman ukol sa mga likas na kalamidad at pagsasanay para sa mga banyaga ang sisikapin kong mapag-usapan.
(4) Ang paglalakbay ng isang libong milya ay laging nagsisimula sa isang hakbang.



(1) **EDMOND, Duncan**
(2) Australia
(3) Ang isang miyembro ng pamayanan ay mga probl-ema tungkol sa Edukasyon komunidad. Nais kong tala-kayin ang kailangang tumulong para sa sariling.
(4) Walang mangyayari kung walang gagawin.



(1) **WONG, Hailey Jimmie**
(2) China
(3) Nagagalak akong mapili bilang kinatawan.
Gusto kong talakayin ang tungkol sa Urbanisasyon at ang interaksyon ng iba't ibang kultura.
(4) Hamon・Pagsubok



(1) **OIDE, Orietta**
(2) Chile
(3) Dalawang taon na ang nakalipas mula ng ako ay maging kinatawan. Sisikapin kong ibahagi ang aking mga karanasan at iugnay ito sa mga ideya ng mga bagong kinatawan upang ma-paganda pa ang mga panukala.
(4) Lahat ay may posibilidad.



(1) **GAN, Leong Yeun**
(2) Malaysia
(3) Sisikapin kong magkar-onn ng kontribusyon sa pagpapahalaga ng komu-nikasyon para sa pagka-kaisa ng lungsod ng Kawasaki.
(4) Araw-araw ay isang bagong araw.



(1) **HSU, Ke Hsin**
(2) Taiwan
(3) Sisikapin kong magkaroon ng pagkakaisa ang mga Hapon at mga banyaga. Nais kong talakayin ang mga tulong at suporta para sa mga sanggol at bata.
(4) Kahit alikabok maari ring maka-gawa ng bundok.



(1) **NGUYEN, Ngoc Bao Linh**
(2) Vietnam
(3) Nais kong pag-usapan ang tungkol sa kung paano magkakaroon ng maayos na pamu-muhay ang mga Ha-pon at mga banyaga. Nais kong magkaroon ng masayang pamu-muhay habang pinapanatili ang iba't ibang kultura.
(4) Huwag mawala ang ngiti habang nabubuhay.



(1) **KEOPASEUTH, Latsamychanh**
(2) Laos
(3) Bilang isang kapaki-pakinabang na gawain, ako ay magiging aktibo sa aking tungkulin sa loob ng 2 taon.
(4) Magsikap kahit ano man ang mangyari.



(1) **KORONCZI, Karol**
(2) Slovakia
(3) Sundan ang nilalaman ng naging panukala noong nakaraang taon lalo na ang ukol sa pension. Nais ko ring talakayin ang tungkol sa visa ng mga magulang ng isang banyaga. Pagsamahin ang ating mga kakayahan at karanasan upang magkaroon ng kaaya-ayang kapaligiran at sistema sa pamumuhay.
(4) Huwag maging ningas-kugon.



(1) **GONG, Minsuk**
(2) Korea
(3) Sisikapin kong magkaroon ng maraming aktibidad sa pamamagitan ng pag-sasanibpwersa ng lahat ng kinatawan. Nais ko ring magkaroon ng interaksyon sa iba pang lugar.
(4) Wala ng pinakamagandang lugar kundi ang sariling tahanan.



(1) **SALVIO, Rosemary**
(2) Philippines
(3) Taos ang aking pasasalamat sa pagkapili sa akin bilang kinatawan ng Lungsod ng Kawasaki. Paghuhusayan ko ang pag-ganap sa aking tungkulin para sa kapwa ko banyaga. Nais kong magbigay ng tamang impormasyon mula sa Lunsod at talakayin ang tungkolsa karapatan ng mga banyaga.
(4) Kapit-Kamay



(1) **SIEFKEN, Brandon**
(2) United States of America
(3) Natutuwa akong isipin na ang pagkakataong ito ay magkakaroon ng isang malaking kontribusyon sa lipunan.
(4) Pagkakaisa (Hindi lamang sa bansang ito kundi salitang mag-uugnay sa buong mundo.)



(1) **SONODA, Beatriz Izumi**
(2) Brazil
(3) Masaya ako sa pagkakapili sa akin bilang kinatawan. Nais kong gamitin ang aking pagiging Nikkeijin upang mag- karoon ng mas maayos na pamumuhay ang mga mamamayang Hapon at mga banyaga sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mas marami pang tao at makapag-bigay ng iba't ibang impormasyon.
(4) Hawak-Kamay. Hindi ka nag-iisa.



(1)**CHOI, Sang**
(2) Korea
(3) Iniisip ko ang tungkol sa pag-kakaroon ng maayos na kapaligiran bilang isang banyaga. lalo na ang tungkol sa paghahanda sa panahon ng kalamidad.
(4) Bigyang halaga ang pangkasalukuyan. Hindi na maibabalik pa ang nakaraan at mahirap hulaan ang hinaharap.（Konosuke Matsushita）




(1) **CHART, David**
(2) United Kingdom
(3)Nais kong pag-usapan ang ukol sa kung paano maipaparating ang mga tamang impormasyon sa mga nangangailangan nito at kung paano makikilahok ang mga banyaga sa komunidad. Handa akong maglingkod sa loob ng dalawang taon kasama ninyong lahat.
(4) Lahat ng bagay ay walang kapayakan.



(1) **NAKADA, Siriwan**
(2) Thailand
(3) Gusto kong pag-usapan kung paano magiging magaan para sa mga banyagang maybahay at mga bata ang pamumuhay sa komunidad.
(4) Mas mainam ang magkaroon ng kahit konti kaysa wala.



(1) **NAKAMURA, Judith**
(2) Philippines
(3) Isang taon at kalahati na ang lumipas mula ng ako'y naging kinatawan. Masaya ako at maipa-pagpatuloy ko ang aking pagiging kinatawan. Ang tungkol sa pang-aapi o bullying at ang edukasyon sa paaralan at tahanan ang nais kong pag-usapan.
(4) Walang sinuman ang maaaring mabuhay ng mag-isa.



(1) **PARK, Chang Ho**
(2) Korea
(3) Bilang bahagi ng pag-aaral ng Kapakanang Panlipunan, nais kong bigyang pansin ang tungkol sa paano magiging mabuting magulang sa mga anak at tungkol sa kapakanan ng komunidad. Magkaminsan, kailangang magkaroon ng pagpapaigting ng mga nangangasiwa at hangga't maaari ay makipagtulungan sa pagtugon ng boses ng mamamayan. Salamat po.
(4) Maayos na Kumpetisyon at Magturingang Magkapamilya.



(1)**HOMURA, Caren Wilfridah**
(2) Kenya
(3) Nais kong ituro sa mga batang Hapon at tungkol sa mga bata sa buong mundo. Naisip ko na marahil ito ay makakatulong upang mawala ang pag-kakaroon ng diskriminasyon para sa kinabukasan.
(4) Ang paglalakbay ng ilang libong milya ay palaging nagsisimula sa isang hakbang.



(1) **YANG, Yi**
(2) China
(3) Isang malaking responsibilidad ang pagiging kinatawan. Nais kong talakayin ang mga bagay bagay na nararanasan natin sa pang araw-araw na pamumuhay, trabaho, kapakanan, at mga kapaki-pakinabang na bagay sa aspetong medikal at kung may dapat bang baguhin dito.
(4) Pahalagahan ang bawat pagkakataon dahil maaaring hindi na ito maulit pa




(1) **YANAGISAWA, Anna**
(2) Russia
(3) Gagamitin ko ang aking mga naging karanasan bilang kinatawan nuong ika-8 Termino upang mapaghusay ko ang pagiging kinatawan ngayong ika-9 na termino. Nais ko muling talakayin ang mga hindi naipanukala nuong isang taon.
(4) Humiling at maghangad upang makamit mo ang iyong minimithi.



(1) **SAHIN, Serkan**
(2) Turkey
(3) Nais kong pag-usapan ang tungkol sa edukasyon ng kabataan, paghahanap ng trabaho, problema sa dobleng pension at ang mga bagay na maaring magawa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga mamamayang Hapon.
(4) Ang lahat ay nasa mabuting kaayusan.

# Ulat ng mga Aktibidad at mga Panukala sa Alkalde at Konseho ng Lungsod sa Taong 2011



Noong Biyernes, Abril 20, isinumite ni Tege Opango,Pangulo ng Kapulungan,WANG, Ping Pangalawang Pangulo,
David Chart, Pinuno ng seksyon ng Buhay at Lipunan, Edmond Duncan, Pinuno ng Bahagi ng Edukasyon kay Alkalde Abe Takao ang Taunang Ulat sa Taong 2011. Kanilang ipinanukala ang 4 na sumusunod na tema: "Pagsisiyasat ng mga bagay na may kauganayan sa mga Banyagang Mamamayan", "Sistema ng Pensyon", "Multikultural na Edukasyon" at "Pang-aapi o Bullying". Sinabi ni Alkalde Abe na "Hangad ang pang-unawa ng mga mamamayan at konseho, sikapin nating aipasakatuparan ang mga panukala ng Kapulungan. Anya, Taos puso akong umaasa na magamit ninyo ang inyong mga karanasan sa pulong na ito sa inyong mga aktibidad sa inyong pamayanan." Noon namang ika 30 ng Nobyembre (Miyerkoles), ang mga Kinatawan ay naimbitahan sa Konseho ng Lungsod at ng Komisyong Pangsibiko at dito inilahad nila ang Taunang Ulat ng Aktibidad para sa Taong 2011.Maaari ninyong tingnan sa Ulat Balita Bilang 44 ang mga detalye ng nilalaman ng mga panukala. Ang Taunang Ulat ay ipinamamamahagi sa Article Corner ng Kapulungan at maari ring mabasa ito sa mga Pampublikong aklatan at Shimin Hall.

## Pagkilala sa Presidente at Bise Presidente



*Pagbati*

***Presidente WANG,Ping***

Ikinagagalak ko kayong makilala. Ako ay dumating sa bansang hapon 19 na taon na ang nakaraan mula sa Tsina at naninirahan sa Kawasaki sa Nakaraang 15 taon. Ito ang aking pangalawang termino kasunod nuong nakaraang taon. Ang Pulong na ito ay isang napakahalagang bagay para sa mga banyaga, Alinsunod sa pinagmulan ng Pulong ng Kinatawan, 3 paksa: "Paglahok Mula sa Kahilingan" "Indibidwal at ang Unibersal" "Pagkakaunawaan at Pagsasama-sama" ang nais kong maging basehan ng aking panukala upang maging madali sa mga banyaga ang pamumuhay dito sa Kawasaki. Mula sa aking naging karanasan nuong nakaraang taon sa nangyaring Lindol sa Silangang Hapon, nais kong talakayin kung paano maka kuha ng mga tamang impormasyon at tulong sa panahon ng kalamidad.

Kasama ang 26 na napiling komite , samasama nating iaangat ang Pulong ng Kinatawan ng mga Banyagang Mamamayan.



*Pagbati*

***Bise Presidente SHARMA,Gajender***

Ikinagagalak ko kayong makilala. Ako po si SHARMA, Gajender napiling Bise presidente mula sa bansang India. Bilang isang Kinatawan at bilang Bise Presidente ng Kapulungan, Nais kong mag-ambag sa deliberasyon ukol sa iba't ibang aspeto gaya ng urbanisasyon. Edukasyon at Global understanding para sa mga mamamayang hapon at dayuhan sa Lungsod ng Kawasaki. Pagsisikapan kong masuportahan ang ating Presidente. Salamat po.

◆Homepage ng Pulong ng Kinatawan
http://www.city.kawasaki.jp/25/25zinken/home/gaikoku/kaigi/index.htm

< Mga Katanungan > Tanggapan ng mga Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata sa lungsod ng Kawasaki

**1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577**
Phone: 044-200-2359 Fax: 044-200-3914 E-mail: 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa News Letter at kapulungan.